Mensahe Dalawa

**Ang Buhay na Walang Hanggan—ang Buhay ng Diyos kalakip ang Dibinong Kalikasan,
ang Tres-unong Diyos Bilang Estraktura ng Biblia,
at ang Nakakubling Diyos, isang Diyos Na Nagkukubli ng Kanyang sarili**

Babasahin sa Kasulatan: Juan 4:24; 2 Ped. 1:1, 4-11; 1 Juan 1:5; 4:8, 16; Luc. 18:1-18

I. Ang dibinong buhay ay maituturing na una at pangunahing katangian ng Diyos:

A. Ang buhay ng Diyos ay ang namumukod-tanging buhay.
B. Ang Efeso 4:18 ay ang namumukod-tanging bersikulo na nagsasalita hinggil sa buhay ng Diyos: "Palibhasa'y nagdilim ang kanilang pang-unawa, naihiwalay sa buhay ng Diyos dahil sa kamangmangang nasa kanila, dahil sa katigasan ng kanilang puso."
C. Sa buong sansinukob, tanging ang buhay ng Diyos ang maituturing na buhay—1 Juan 5:12.
D. Sa paningin ng Diyos, tanging ang Kanyang buhay ang buhay; samakatwid, kapag ang buhay ng Diyos ay binabanggit sa Bagong Tipan, ito ay itinuturing na tila ito ang namumukod-tanging buhay—Juan 1:4; 10:10; 11:25; 14:6.
E. Ang buhay ng Diyos ay di-nilikha, walang simula o wakas, umiiral sa sarili nito, at kailanman ay umiiral nang di-nagbabago.
F. Mula sa pananaw ng kawalang-hanggan, tanging ang buhay ng Diyos ang buhay.

II. Ang buhay na walang hanggan ay ang buhay ng Diyos kalakip ang dibinong kalikasan:

A. Ang buhay na walang hanggan, ang buhay ng Diyos:
   1. Pagtatamo ng buhay na walang hanggan sa kapanahunang ito:
      a. Ang buhay na walang hanggan ay ang buhay ng Diyos—1 Juan 1:1-2.
      b. Ang buhay na walang hanggan ay nasa Panginoong Hesus—5:11-12; Juan 1:4.
      c. Ang buhay na walang hanggan ay ibinibigay nang walang bayad ng Diyos—Roma 6:23; 1 Juan 5:11.
      d. Ang buhay na walang hanggan ay natatamo sa panahon ng pagsampalataya—Juan 3:16, 36; 5:24.
      e. Ang buhay na walang hanggan ay nalalaman sa kasalukuyang kapanahunan—1 Juan 5:13.
      f. Pagkakaroon ng buhay na walang hanggan at hindi kailanman mapapahamak—Juan 10:28-29.
   2. Pagtatamo ng buhay na walang hanggan sa darating na kapanahunan:
      a. "Walang taong nag-iwan…alang-alang sa Akin at alang-alang sa ebanghelyo, na hindi tatanggap ng sandaang ulit ngayon sa panahong ito…at sa darating na kapanahunan, buhay na walang hanggan"—Marc. 10:29-30.
      b. "Maging tapat ka hanggang sa kamatayan, at ibibigay Ko sa iyo ang putong ng buhay"—Apoc. 2:10.
      c. "Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos"—b. 7.
   3. Pagtatamasa ng buhay na walang hanggan sa kawalang-hanggan:
      a. "Ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan"—Juan 4:14.
      b. "Ang nauuhaw ay paiinumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig ng buhay"—Apoc. 21:6.
      c. "Sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay"—22:14.
B. Ang buhay ng Diyos kalakip ang dibinong kalikasan:
   1. Bilang mga nakatanggap ng magkakasinghalagang pananampalataya, tayo, ang mga

mananampalataya kay Kristo, ay dapat maging mga nakikibahagi sa dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4:

a. Ang *dibinong kalikasan* ay tumutukoy sa kung ano ang Diyos, yaon ay, ang mga kayamanan, ang mga elemento, at ang mga bumubuo ng kakanyahan ng Diyos—Juan 4:24; 1 Juan 1:5; 4:8, 16.
b. Ang dibinong buhay at ang dibinong kalikasan ay di-mapaghihiwalay; ang dibinong kalikasan ay ang substansiya ng dibinong buhay at nasa loob ng dibinong buhay—1:1-2; 5:11-13.

2. Kailangan nating maranasan ang pag-unlad ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan na nakapaloob sa dibinong binhi na inihasik na tungo sa atin upang magkaroon tayo ng mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian—2 Ped. 1:1, 4-11.
3. Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay mga Diyos-tao, ipinanganak ng Diyos, nagtataglay ng buhay at kalikasan ng Diyos, at nabibilang sa espesye ng Diyos—Juan 1:12-13.
4. Sa ating pagkasilang na muli, isa pang kalikasan ang ipinamahagi tungo sa atin; ito ay ang kalikasan ng Diyos, ang dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4.
5. Ang isang nakikibahagi sa dibinong kalikasan ay isa na nagtatamasa sa dibinong kalikasan at nakikilahok sa dibinong kalikasan—b. 4.
6. Kung tinatamasa natin ang Diyos at nakikibahagi sa mga kayamanan ng Kanyang kakanyahan, tayo ay mabubuoan ng dibinong kalikasan, nagiging katulad ng Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos at inihahayag Siya sa lahat ng kung ano tayo at ginagawa natin—b. 3.

III. Ang Tres-unong Diyos ay ang estraktura ng Bagong Tipan:

A. "Subalit kung sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay nagpapalayas Ako ng mga demonyo, kung gayon ay dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos"—Mat. 12:28.
B. "Gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo"—28:19.
C. "Ang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo, na isusugo ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala sa inyo ng lahat ng bagay na sinabi Ko sa inyo"—Juan 14:26.
D. "Pagparito ng Mang-aaliw, na isusugo Ko sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng realidad, na nagmumula sa Ama, Siya ay magpapatotoo hinggil sa Akin"—15:26.
E. "Yamang itinaas sa kanang kamay ng Diyos at tumanggap ng pangako ng Espiritu Santo mula sa Ama"—Gawa 2:33a.
F. "Kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo"—Roma 8:11.
G. "Dahil kayo ay mga anak, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng Kanyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama!"—Gal. 4:6.
H. "Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya"—Efe. 3:16-17a.
I. "Isang Espiritu…isang Panginoon…isang Diyos at Ama"—4:4-6.
J. "Gaano pang higit ang dugo ni Kristo, na sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay naghandog ng Kanyang sarili nang walang dungis sa Diyos, ay makapagpapadalisay ng ating budhi mula sa mga patay na gawa upang makapaglingkod sa Diyos na buháy?"—Heb. 9:14.
K. "Pinili ayon sa paunang kaalaman ng Diyos Ama sa pagpapabanal ng Espiritu tungo sa pagsunod at pagwiwisik ng dugo ni Hesu-Kristo"—1 Ped. 1:2a.

L. “Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono, at mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa”—Apoc. 1:4b-5a.

IV. Ang Diyos ay isang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili—ang nakakubling Diyos:

A. “[Tunay na] ikaw ay Diyos na nagkukubli [ng Kanyang sarili], / O Diyos ng Israel, ang Tagapagligtas”—Isa. 45:15:
   1. Bagama't ang ating Diyos ay nasa lahat ng dako, makapangyarihan sa lahat, at punô ng kapatawaran, Siya rin ang nagkukubling Diyos, gaya ng ipinahihiwatig ng aklat ng Esther—4:14.
   2. Nilikha ng Diyos ang sansinukob at pagkatapos ay ikinubli ang Kanyang sarili rito, hanggang sa hindi na natin alam kung saan Siya matatagpuan—Job 23:3.
   3. Gumawa ang Diyos ng di-mabilang na mga bagay sa gitna ng mga anak ni Israel at di-mabilang na mga bagay sa kanilang mga personal na buhay, gayunman ay itinago Niya ang Kanyang sarili; Siya ay walang patid na gumagawa, gayunman ay palagi Siyang nakakubli—Isa. 45:15.
   4. Kailangan nating matanto na ang makapangyarihan sa lahat na Diyos na ating pinaglilingkuran ay nagkukubli pa rin ng Kanyang sarili, lalo na kapag tinutulungan Niya tayo—Juan 14:26; Roma 8:28.
   5. Ang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili ay gumagawa sa loob natin sa paraang tahimik gayunman ay makapangyarihan—Fil. 2:13.

B. Ang kahulugan ng talinghaga sa Lucas 18:1-8 ay malalim, at kailangan nating makilala ang Diyos kung paano Siya inihahayag, bilang ang nakakubling Diyos:
   1. Ang babaeng balo sa bersikulo 3 ay sumasagisag sa mga mananampalataya; sa isang pakahulugan, ang mga mananampalataya kay Kristo ay babaeng balo sa kasalukuyang kapanahunan dahil ang kanilang Asawang lalaki, si Kristo, ay tila wala sa piling nila—2 Cor. 11:2.
   2. Ang babaeng balo sa talinghaga ay patuloy na pumupunta sa di-matuwid na hukom at humihiling sa kanya na ipaghiganti siya sa kanyang kaalit; dapat tayong manalangin nang walang lubay para sa paghihiganting ito at hindi dapat panghinaan ng loob—Luc. 18:1, 3:
      a. Kapag ang ating Asawa ay tila wala at tayo ay naiwan sa lupa bilang babaeng balo, ang ating Diyos sa pansamantala ay tila isang di-matuwid na hukom—b. 6.
      b. Bagama't Siya ay tila di-matuwid, dapat pa rin tayong magsumamo sa Kanya, manalangin nang walang lubay, at abalahin Siya nang paulit-ulit, sapagkat mabilis Niyang isasagawa ang paghihiganti para sa Kanyang mga pinili, na "dumaraing sa Kanya araw at gabi"—bb. 7-8a.
   3. “Kapag dumating ang Anak ng Tao, makasusumpong kaya Siya ng pananampalataya sa lupa?”—b. 8b:
      a. Sa literal, ang mga salitang Griyego na isinaling “pananampalataya” ay nangangahulugang “ang pananampalataya”; ito ay tumutukoy sa walang lubay na pananampalataya para sa ating walang lubay na pananalangin, tulad ng sa babaeng balo.
      b. Ang pananampalataya na sa pamamagitan nito ay naligtas tayo ay ang unang yugto ng pananampalataya; ang pananampalataya na nagdala sa atin sa pakikipag-isa sa buhay kay Kristo ay ang nag-uugnay na pananampalataya—ang pananampalatayang dumarating sa atin sa pamamagitan ng ating patuloy na pakikipag-ugnayan sa Tres-unong Diyos upang tayo ay mabuhay sa pamamagitan ng Anak ng Diyos—Roma 1:17; Gal. 2:20; Juan 14:19.

c. Ang nag-uugnay na pananampalataya ay ang dibinong kahingian upang makatagpo ng mga mandaraig si Kristo sa Kanyang matagumpay na pagbabalik—Luc. 18:8b:
   (1) Ang nag-uugnay na pananampalataya ay ang Tres-unong Diyos na kumikilos sa loob natin upang iugnay tayo sa Kanyang di-malirip na kayamanan—Efe. 3:8.
   (2) Ang nag-uugnay na pananampalataya ay ang pananampalataya ng mga mananampalataya na walang pagtitiwala sa kanilang sarili; sa halip, ang kanilang pagtitiwala ay nasa Diyos—2 Cor. 1:9.
   (3) Kapag bumalik ang Panginoong Hesus, makasusumpong Siya ng ilang mandaraig na namumuhay sa pamamagitan ng nag-uugnay na pananampalataya at ituturing silang mga kayamanan para sa Kanyang kaharian sa loob ng sanlibong taon ng Kanyang paghahari—Luc. 18:8b; Apoc. 20:4, 6.

© 2026 Living Stream Ministry